# Allāhumma qinī `adhābaka yawma tajma`u aw tab`athu `ibādak. (O Allāh, magsanggalang Ka sa akin laban sa pagdurusang dulot Mo sa araw na magtitipon Ka o magbubuhay Ka ng mga lingkod Mo.)"}

Ayon kay Ḥudhayfah bin Al-Yamān (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag nagnais siya na matulog, ay naglalagay ng kamay niya sa ilalim ng ulo niya pagkatapos nagsasabi: "Allāhumma qinī `adhābaka yawma tajma`u aw tab`athu `ibādak. (O Allāh, magsanggalang Ka sa akin laban sa pagdurusang dulot Mo sa araw na magtitipon Ka o magbubuhay Ka ng mga lingkod Mo.)"}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy]

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag humiga siya sa higaan niya upang matulog, ay nag-uunan ng kanang kamay niya at naglalagay ng kanang pisngi niya sa ibabaw nito at nagsasabi: "O Allāh," Panginoon ko, "magsanggalang Ka sa akin" at mangalaga ka sa akin "laban sa pagdurusang dulot Mo" at parusa Mo "sa araw na magtitipon Ka o magbubuhay Ka ng mga lingkod Mo" para sa Araw ng Pagtutuos sa Araw ng Pagbangon.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee